# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 40

"13 Kaya't sila'y pinagsasalitaan ko sa mga talinghaga; sapagka't nagsisitingin ay hindi sila nangakakakita, at nangakikinig ay hindi sila nangakakarinig, ni hindi sila nangakakaunawa." (Mateo 5:13)

Kayo ang asin ng lupa: Ito ay sinabi sa mga alagad at sa mga Apostoles ni Cristo na siyang ikinumpara sa asin, sapagkat ang lasa ng asin ay malasa, maalat, maanghang sa kanyang kakaibang sangkap na lasa at hindi nagbabago: ito ay malakas at napakalasa sa lasa: ito ay mabango na may kumakalat na amoy: at ito ay hindi matamis.

Kayo ang asin ng lupa: Sapagkat ang doktrina na kanilang ipinapahayag ay sumasangayon sa Banal na Kasulatan at ang uri ng ebanghelyo, kung saan ganap kay Cristo, puno ng habag ni Cristo, maglingkod upang dakilaan si Cristo, at upang palakihin ang biyaya ng Diyos: at ayon sa kabanalan, at itaguyod ang kabanalan .

Kayo ang asin ng lupa: Gayon din dahil sa kanilang kaalatan ng malasa ng pamumuhay at pakikipagusap; ang kanilang mabuting halimbawa ay itinagubilin na magbibigay ng pagpapakilala sa doktrina na kanilang ipinapahayag. Sila'y halimbawa sa atin at sa sanglibutan ngayon para makita at sundan.

Ang malasang maalat na lasa ay isang hamon na kailangan mong ilagay sa iyong sarili. Ang mga bata ay gustong kumain ng matamis. Ang mga bata ay gustong kumain ng prutas ngunit hindi ng gulay dahil ang prutas ay matamis na lasa. Ngunit unti unti kailangan nilang matutunang kumain ng maalat at maanghang na lasa.

Sa gayo'y ang malasang asin ay isang hamon para pamumuhay at para sa doktrina ng buhay na napagaralan na natin sa lahat ng naunang kapurihan sa Mateo 5:3-12 na ating napagaralan at natalakay sa mga detalye: "3 Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob:( huwag magmalaki sa espiritu) sapagka't kanila ang kaharian ng langit. 4 Mapapalad ang nangahahapis: ( hindi sa mga nagpapakasaya sa mga pagdiriwang) sapagka't sila'y aaliwin.5 Mapapalad ang maaamo: (huwag magmalaki) sapagka't mamanahin nila ang lupa.6 Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran:( hindi sa mga nagugutom at nauuhaw para sa kamunduhan) sapagka't sila'y bubusugin. 7 Mapapalad ang mga mahabagin:(hindi malulpit) sapagka't sila'y kahahabagan.8 Mapapalad ang mga may malinis na puso: ( hindi sa mga may masamang hangarin at nakatagong adyenda):sapagka't makikita nila ang Dios. 9 Mapapalad ang mga mapagpayapa:(hindi sa mga nakikipagkumpromiso at sa gumagawa ng masama) sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios. 10 Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: ( hindi sa binibigyang layaw) sapagka't kanila ang kaharian ng langit.11 Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin. 12Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo." (Mateo 5:3-12) Kaya ang malinamnam a maalat na lasa ay isang hamon para sa pamumuhay ng pagdurusa, ang makipot na daan, ang pagpapatawad, pagkawala sa masama at kamunduhan, pamumuhay sa kabanalan, at sa kababaang loob, at ang pamumuhay na nais ng Diyos sa atin upang isabuhay, ang buhay ng pagbibigay, ang buhay ng pageebanghelyo, at buhay sa pagtanggi sa ating mga sarili at ang ating plano at handang magdusa para kay Cristo.

Kayo ang asin ng lupa: Ito ang asin "ng lupa" yun ay, ang naninirahan sa lupa, hindi sa lupain ng Judea lamang, kung saan ang mga Apostoles ni Jesus una'y naninirahan at nangaral, ngunit sa buong sanglibutan, kung saan sila ipadala upang ipahayag ang Mabuting Balita. Kaya sa ganitong pagsasalarawan, tayo ay ang asin ng kalupaan, ito'y nangangahulugan na tayo'y tinawag upang ipahayag ang Mabuting Balita at ang Salita ng Diyos sa buong sanglibutan.

"Nguni't kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? Kung ang mga alagad na nagdadala ng Ebanghelyo, ay nawala ang maalat na lasa mula sa kanilang pamumuhay, o nawala ang lasa ng doktrina ng Ebanghelyo, at ang katumpakan nito at pagiging mahigpit sa kanilang pagpapahayag at kung nawala ang kanilang tanda, pagkahabag at pagmamahal, sa kung saan ang Mabuting Balita ay ipinahayag, sa gayon sa kung anong inilarawan na mayroon ay nawala ang lasa.

"Nguni't kung ang asin ay tumabang, ay ano ang ipagpapaalat? Si Cristo dito ay maaring nagsasalita ng may paggalang kay Judas, na pinili ni Cristo sa pagiging Apostol, at isang diablo; na nalalaman Niya na mawawala ang kanyang kapakinabangan at lugar, at magiging isang walang pakinabang na masama, at sa huli ay itinakwil ng Diyos. Ang kaso na ito ay iminungkahi sa kanilang lahat, at sa atin ngayon upang bigyang pansin sa ating mga sarili, sa ating doktrina, at ministerio, na kung hindi natin pananatilihin ang pagiging maalat tayo ay itatakwil ng Diyos. Bukod doon, ito din ay isang babala sa atin upang lumayo mula sa pagibig sa salapi, sa pagmamalaki at sa pagpapakitang gilas. Si Judas nang siya ay dumating upang arestuhin si Jesus ay ibinigay sa mga opisyal. Posibleng pinangunahan niya ang isang grupo ng 500 katao upang aretuhin si Cristo, at tinanggap niya ang malaking halaga ng salapi. Kaya ito ang tukso sa atin ngayon na maaaring magdulot sa atin upang lumayo mula kay Cristo, ang pagibig sa salapi, ang pagibig sa kasikatan, ang pangarap na mabuhay ng isang buhay na walang mga kaguluhan lahat ay papatay sa ating lasa na maging asin para sa lupa.

Ang asin ay hindi nawawala ang lasa nito. Iyan ay totoo, ang mga alagad at mga tagasunod ni Cristo ay hindi kailanman magdadaan sa ganoong sitwasyon. Ang mga disipolo ay hindi tatanggapin na mabuhay ng walang pag abot at pagtuturo sa bagong mga tao. Ngunit dapat gawin ito, wala nang ano pa mang kabuluhan, kundi upang itapon sa labas at yurakan ng mga tao. Ang asin ay mabuti para sa wala, kundi upang gawin ang mga bagay na malasa ng maalat na sumarap, at panatilihin mula sa pagkabulok. Tiyak na mensahe, pagsaway, pagiging mahigpit, pagkahabag, pagpapakita ng awa, pagdakila kay Cristo lahat ay ang linamnam ng maalat na mensahe mula sa mga disipolo ni Cristo.

Ang asin ay ginagamit upang panatilihin ang gulay; ngunit ang asin kapag nawala ang lasa nito, ito ay walang pakinabang, alinman sa mga tao, o sa mga hayop, gaya ng isang bagay ay kapag nabulok; o ito ay alinmang gamit sa lupa, o para sa dumi. *Ang kagaya ng para sa ministerio ng Salita, kapag ibinababa na nila ang mga doktrinang maalat na lasa ng Mabuting Balita; ang biyaya at awa patungo sa pinakamasamang mga makasalanan, ang pagiging mahigpit laban sa kasalanan, at ang katiyakan sa paglakad sa pamamagitan ng makipot na pintuan, o huminto sa kanilang dating magandang halimbawa at hindi na nabawi, sa gayon ang kanilang kapakinabangan ay maglalaho, sa gayo'y sila'y itatakuwil sa mga simbahan ni Cristo, at hahamakin ng lahat.

Ating pag-aralan ang Banal na Kasulatan upang maunawaan kung ano ang pagiging asin ng lupa. Ating mababasa ang sumusunod: "49 Sapagka't bawa't isa'y aasinan sa pamamagitan ng apoy. 50 Mabuti ang asin: datapuwa't kung tumabang ang asin, ay ano ang inyong ipagpapaalat? Taglayin ninyo sa inyong sarili ang asin, at kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa isa't isa."(Marcos 9:49-50) Dito ang Panginoon ay nagsasalita tungkol sa asin. Upang maunawaan kung ano talaga ang ibig sabihin ni Jesus dito ating basahin at pagnilayan ang talata bago doon upang maunawaan ang kahulugan nito.

"33 At sila'y nagsidating sa Capernaum: at nang siya'y nasa bahay na ay tinanong niya sila, Ano ang pinagkakatuwiranan ninyo sa daan? ( Parang dito ang mga alagad kung saan nagkakaroon ng pagtatalo sa kanilang mga sarili habang sila'y naglalakbay kasama ni Jesus sa daan na kinakailangan nilang puntahan. Sa tiyak na panahon habang tayo'y kumikilos kasama ni Jesus at sa pagtalima sa Kanya tayo ay nagiging abala at nakikihalubilo sa mga bagay na nakakahiya na hindi dapat nating gawin at ang mga bagay na dapat wala doon sa ating mga buhay.) 34 Datapuwa't hindi sila nagsiimik: sapagka't sila-sila ay nangagtalo sa daan, kung sino ang pinakadakila.( Ang mga disipolo ay nagsitahimik at hindi sumagot sa Panginoon sa Kanyang tanong sa kanila sapagka't sila'y nahihiya na sumagot sa Kanya sapagkat sila'y nagtatalo tungkol sa isang bagay na mali na dapat hindi nila ginawa. Sa ilang panahon ikaw napapasangkot at nalilihis tungkol sa mga bagay na hindi ka dapat nalilihis. Si Jesus ay patungo sa pagpapako sa krus ngunit sila'y nagtatalo tungkol kung sino ang pinakadakila sa kanila. Na nagpapakita na sila'y wala sa isip ni Cristo at ang kanilang pamumuhay ay hindi kagaya ng asin sa lupa na inilarawan ni Jesus. Sa kung ano na sila'y nagtatalo ay nagmula sa pagmamalaki, pagmamataas, pakikipagpaligsahan, at kamunduhan. Ilagay mo lang sa iyong isip kapag ang mga disipolo ay nasangkot sa pakikipagkaibigan, pagbibigay papuri, pagibig sa salapi, pakikipagaway, mga usapin, atbp, sila'y mawawalay mula kay Cristo, samakatuwid kailangan mong iwasan ang lahat ng ganoon upang makahanay kay Cristo at sa Kanyang Salita.) 35 At siya'y naupo,(Siya'y naupo upang turuan sila. Sa panahon ni Jesus ang guro ay nakaupo upang turuan at ang mga disipolo ay nakatayo upang makinig at matuto.) at tinawag ang labingdalawa; at sa kanila'y sinabi niya, Kung sinoman ang ibig na maging una, ay siyang mahuhuli sa lahat, at lingkod ng lahat. (Dito si Jesus ay inilarawan sa kanila kung ano ang magiging kapalaran ng pagmamataas, pagmamalaki, at ang kanilang makamundong pananaw sa buhay. Tinawag Niya ang mga disipolo at tinatawag Niya tayo ngayon upang ipaliwanag ang mahahalagang bagay para sa atin. Kung titingnan natin upang mauna at umangat kaysa sa iba, sa gayon ang Diyos ay kikilos upang hiyain tayo at ibaba tayo na maging huli at alipin ng lahat. Kaya kung bakit kumikilos Siya sa ating mga buhay upang wasakin ang ating pagmamataas at magpakumbaba tayo). 36 At kinuha niya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila: at siya'y kaniyang kinalong, na sa kanila'y sinabi niya, ( Kinuha Niya ang isang bata, bilang isang halimbawa sa kung anong Kanyang kinakailangan sa kanila na maging at sa kung anong Kanyang kinakailangan sa atin na maging, kagaya ng mga bata, na mapagkumbaba, maamo at walang mataas na kaisipan sa kung anong kanilang nais na maging at paghahangad ng mga bagay na magdadala sa kanila ng higit sa iba). 37 Ang sinomang tumanggap sa isa sa mga ganitong maliliit na bata sa aking pangalan, ay ako ang tinatanggap: at ang sinomang tumanggap sa akin, ay hindi ako ang tinatanggap, kundi yaong sa aki'y nagsugo.( Inilagay Niya ito sa kanila at sa atin ngayon sa isang malinaw na paraan: Kung ikaw ay sumusunod kay Cristo ng may pagpapakumbaba at payak na isip kagaya ng mga bata, at walang masamang motibo at walang masamang hangarin at walang masamang saloobin, pagiimbot at pananaghili sa iyong isip, sa gayon tinatanggap mo si Cristo, at hindi lamang sa pagtanggap kay Cristo, kundi gayon din gaya ng pagtanggap sa Diyos ang Ama na nagpadala kay Cristo sa lupa at sa atin upang iligtas tayo at sumasalamin si Cristo at sa Diyos ang Ama sa sanglibutan sa paligid natin. Sa ngayon bilang simbahan at mga alagad ay nagiging malabis sa pagpapapuri, pakikipagkompromiso, mga sumasamba sa diosdiosan, at nawawala ang kanilang maalat na lasa si Jesus ay nagsimulang magturo sa kanila sa mas mahirap na paraan sapagkat wala sa kanila na tumutugon sa ordinaryong hakbangin. Wala silang planong huminto sa kanilang mga diosdiosan. Pagdiriwang ng Pasko, pagdiriwang ng Bagong Taon, pagdiriwang ng Araw ng mga Puso, buwan ng pagpapahalaga ng Pastor, Araw ng pagpapasalamat, Araw ng Ama, Araw ng Ina, sila'y tumatayo sa harap ng puno ng Pasko at sinasamba ito. Ano ang pagkakaiba sa pagitan nila at ng mga Katoliko na tinatangkilik si Maria? Kaya kung bakit ang poot ng Diyos ay dumating sa isang mas malakas na paraan; Siya'y dumating sa COVID-19 upang disiplinahin ang buong sanglibutan at sa lahat ng mga simbahan. Ngunit dahil sila'y hindi nagsisisi sa kanilang kamunduhan, maraming pandemya ang darating at mas maraming pagbagsak ng mga ekonomiya. Aking binabasa sa aklat ni Joel tungkol sa hukbo ng balang na ipinadala ng Diyos at nagdulot upang lamunin ang lahat ng pananim, "1 Hipan ninyo ang pakakak sa Sion, at mangagpatunog kayo ng hudyat sa aking banal na bundok; manginig ang lahat na mananahan sa lupain: sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay dumarating, sapagka't malapit na;2 Araw ng kadiliman at ng pagkukulimlim, araw ng mga ulap at ng pagsasalimuot ng dilim, gaya ng liwayway na namumukadkad sa mga bundok; isang malaking bayan at matibay; hindi nagkaroon kailan man ng gaya niyaon, ni magkakaroon pa man pagkatapos ng mga yaon, hanggang sa mga taon ng maraming sali't saling lahi. 3 Isang apoy ang sumusupok sa harap nila; at sa likuran nila'y isang liyab ang sumusunog: ang lupain ay parang halamanan sa Eden sa harap nila, at sa likuran nila'y isang sirang ilang; oo, at walang nakatanan sa kanila." (Joel 2:1-3) Ang katulad sa epekto ng ekonomiya ng COVID-19, nang hinayaan ng Diyos ang ganitong pandemya na nagdulot ng pagkawasak sa ekonomiya). (Ang mga disipolo ay dapat na magsabi sa Panginoon na sila'y sumasangayon sa Kung anong Kanyang itinuturo sa kanila. Ngunit sila'y nanatiling tahimik at ngayon ang isa pang mapagmataas na pagiisip ang lumitaw at kinakailangan maituwid nang sinabi ni Juan sa talata 38). 38 Sinabi sa kaniya ni Juan, Guro, nakita namin ang isa na sa pangalan mo'y nagpapalabas ng mga demonio; at pinagbawalan namin siya, sapagka't hindi sumusunod sa atin.( Dito si Juan ay nagsalita ng isang bagay na parang walang kaugnayan sa kung anong sinalita ni Jesus at sinabi niya kay Jesus na nakita nila ang isang lalaki nagpapalabas ng demonyo sa pangalan ni Jesus, at sinaway nila sapagkat hindi siya sumusunod sa kanila. Ang lalaking yaon ay gumagawa ng katapatan sa puso patungo sa Diyos at patungo sa tao. Ang pag aksyon ng mga disipolo upang pigilan ang taong yaon ay nagmula sa kayabangan at mula sa pagmamataas, ngunit pagkatapos sawayin ni Jesus sila sa pamamagitan ng halimbawa ng isang bata na ginawa Niyang patayuin sa gitna nila at

hinawakan siya sa braso, si Juan ay nagpakumbaba at hinatulan upang buksan at ihayag sa Panginoon ang kasalanan at kapilyuhan na kanyang ginawa sa taong iyon na kanyang pinahinto, naghihintay mula kay Jesus na ibigay ang Kanyang saloobin tungkol sa kanyang ginawa). 39 Datapuwa't sinabi ni Jesus, Huwag ninyong pagbawalan siya: sapagka't walang taong gumagawa ng makapangyarihang gawa sa pangalan ko, na pagdaka'y makapagsasalita ng masama tungkol sa akin. ( Sinabi sa kanya ni Jesus ng malinaw na hindi nila siya dapat pinagbawalan sa lahat, sapagkat walang taong gagawa ng himala sa pangalan ni Jesus ay magsasalita ng masama laban kay Jesus). 40 Sapagka't ang hindi laban sa atin ay sumasa atin.( Samakatuwid, ibinigay ni Jesus sa kanila ang buod na kung sino man ang hindi laban sa kanila sa paggawa ng gawain ng Diyos at ang kalooban ng Diyos ay sumasakanila. Bakit nila pinatigil siya sa gayon? Pagseselos, paninibugho, pagmamataas, sariling katuwiran, pakikipagpaligsahan at pagkamakasarili. Bakit ka pupunta at pahihintuin ang matapat na tao na nagpapaalis ng mga demonyo at na siyang nakikipaglaban sa gawa ng diablo? Ito ay ang iyong pagmamalaki, pagmamataas, pagseselos, paninibugho na kailangan mong magsisi mula doon). 41 Sapagka't ang sinomang magpainom sa inyo ng isang sarong tubig, dahil sa kayo'y kay Cristo, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na hindi mawawala sa anomang paraan ang ganti sa kaniya.( Dito si Jesus ay ginawa sa kanila na makita mula sa direksyon na nakikita Niya, na ang mga gumagawa ng kagayang gawain nila o katulad ng gawain natin ay hindi mga kaaway bagkus sila'y gumagawa ng tama, at sila'y pagkukuhanan ng tulong sa kanila at sa atin, at ang kanilang gawain ay katulad ng isang tasa ng tubig na ibinigay sa kanila sapagkat sila'y nabibilang kay Cristo. Ang mga taong nageebanghelyo at gumagawa ng mga alagad at nagtuturo sa mga tao na gawin kung ano ang tama binababago nila ang sanglibutan at ginagawa ang buhay ng mga taong mas maayos at ginagawa ang sanglibutan ng mas maayos at yaon ay mabuting mga bagay para sa atin. Sa mga naglilingkod sa Diyos ng buong puso sa kanilang mga ministerio ay isang tulong at suporta sa atin at sa ating ginagawa. Narito si Jesus ay sinasaway sila sa kanilang sariling katuwiran at ang kanilang pagibig na nasa mas mataas na posisyon).42 At ang sinomang magbigay ng ikatitisod sa maliliit na ito na sumasampalataya sa akin, ay mabuti pa sa kaniya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang malaking gilingang bato, at siya'y ibulid sa dagat. ( Ngayon nang sila'y tumahimik sa pagmamayabang, at sariling katuwiran, at sinaktan nila ang mga totoong mga tagasunod ni Jesus na mapagkumbaba at maamo at ng may payak na isip, at ginagawa ang kanilang serbisyo sa Diyos ng buong puso, pinahinq nila ang kanilang loob, sinaktan sila at pinakitunguhan sila ng masama, at yaon ay nagdala ng paghatol ng Diyos sa kanila. Ganon din nang ang mga disipolo sa kanilang maling pamamaraan ng buhay at sa kanilang ginawang mali ay nakasakit sa iba, nagpatisod sa kanila sa kanilang masamang paguugali at halimbawa, at kanilang paghihimagsik at pagkilos palayo mula sa Diyos, at sa kanilang walang kahandaan upang maglingkod, walang kahandaan na sumunod sa kalooban ng Diyos at sa plano, at ang pamumuhay na itinalaga Niya para sa kanila, sa gayon ang mga disipolo at tayo ngayon ay hahatulan ng Panginoon hindi lamang dahil sa nawala ang ating maalat na lasa kundi tayo'y naging masamang ehemplo sa iba, at para sa krimen na ito isang gilingang bato na isabit sa aming leeg at itatapon sa dagat). 43 At kung ang kamay mo ay makapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa buhay na pingkaw, kay sa may dalawang kamay kang mapasa impierno, sa apoy na hindi mapapatay.( Pinalawak ni Jesus dito na ang bawat disipolo ay dapat maging masigasig sa kanyang pamumuhay at paguugali at dapat sumabay sa Salita ng Diyos at huwag hayaan ang iba na maligaw sa ating mga ginagawa. Siya ay nagpupumilit hanggang sa punto na ang bahagi na nagsasanhi sa kasalanan, ay mas mabuting maputol kaysa sa maitago at itapon ang buong tao sa apoy ng impierno. Dito ating suriin ang ating mga sarili sa ating ginagawa sa ating mga kamay at kasalanan laban sa Diyos. Binigyan tayo ng Diyos ng mga kamay upang gumawa kasama nila at gawin ang mabuting gawain ng Diyos. Pagnanakaw, katamaran, hindi ginagamit ang ating mga kamay sa paggawa at gawin ang mabubuting bagay, o gumagawa ng masasamang bagay sa mga kamay ay maglalagay sa atin sa panganib ng impierno. Ang impierno ay totoo at dito gaya ng ating mababasa karagdagan na inuulit ni Jesus sa Salitang ito sa Kanyang mga disipolo upang babalaan sila at babalaan tayo na magsisi at baguhin ang ating mga paraan upang hindi tayo magkasala at magdulot sa iba na matisod at magkasala at tayo'y mapunta sa impiyerno). 44 Na doo'y hindi namamatay ang kanilang uod, at hindi namamatay ang apoy.( Dito inilarawan ni Jesus ang dalawang katangian ng impierno; Una, uod na hindi namamatay sa apoy, Pangalawa, ang ningas ng apoy na hindi kailaman mapapatay). 45 At kung ang paa mo'y makapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok kang pilay na buhay kay sa may dalawang paa kang mabulid sa impierno.( Dito si Jesus ay nagsasalita tungkol sa mga kasalanan na nagdudulot sa pamamagitan ng paa. Bkit binigyan tayo ng Diyos ng paa? Upang maglaro ng football, upang maglaro ng basketball? Hindi, hindi, hindi. O pumunta sa mga lugar na hindi dapat tayong pumunta, at tumangging pumunta sa mga lugar na ang Diyos ay ipinapadala tayo? Kailangan nating gamitin ang ating mga paa upang maglingkod sa Diyos).46 Na doo'y hindi namamatay ang kanilang uod, at hindi namamatay ang apoy. ( Sa impierno ang tao ay hindi mamatay ngunit mabubuhay magpakailanman at malalaman niya ang sakit sa katawan at pagpapahirap sa isip). 47 At kung ang mata mo'y makapagpapatisod sa iyo, ay dukitin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa kaharian ng Dios na may isang mata, kay sa may dalawang mata kang mabulid sa impierno;( Ditos is Jesus ay nagsasalita tungkol sa mga kasalanan na nagdudulot sa pamamagitan ng mga mata; panonood ng ponogropiya, paglalaro ng mga palaro, pagtitingin sa pamimili, panoood sa mga babae, panood sa mga lalaki, pagaaksaya ng oras sa Facebook, atbp). 48 Na doo'y hindi namamatay ang kanilang uod, at hindi namamatay ang apoy.49 Sapagkat bawa't isa'y aasnan sa pamamagitan ng apoy." (Marcus 9:33-49) Ang kahulugan niyaon ay yaong bawat isa sa mga disipolo na lumabag sa batas ng Diyos, nakasakit ng alinman na naniniwala kay Cristo, patuloy sa kanilang pagkakasala, at makasalanang mga kasama; bawat isa sa kanila ay itatapon sa impierno, kung saan ang uod ng konsensya ay laging kumakagat, at ang apoy ng dakilang poot ay laging nagliliyab, sa apoy na yaon ang bawat isa sa kanila ay maalat: ang apoy na iyon ay maging asin sa kanila. Ang asin sa laman ay panatilihin ang laman mula sa pagkabulok at kasamaan, kaya ang apoy ng impierno, habang ito'y nasusunog, labis na pagpapahirap, at pagkabalisa sa paghihimagsik sa mga makasalanan at tumalikod na mga disipolo na siyang tumanggi na baguhin ang kanilang mga paraan, ito'y magiingat sa kanilang pagkatao, hindi sila kakainin nito, kundi patuloy na pahihirapan doon. Ang kaluluwa ay pahihirapan at hindi kailanman mamatay, o mawawala ang alimang kapangyarihan nito at mga kakayahan; at lalo na ang pahirap na pagpapahirap; at ang apoy na yaon ng impierno ay hindi mapapatay; sapagka't bagaman ang mga makasalanan ay pahihirapan sa loob nito, hindi sila malilipol nito; ngunit ang usok ng kanilang pagdurusa ay aakyat magpakailanman; at sila ay napakalayo mula sa paglipol ng apoy ng impierno, na sila'y mapapanatili sa kanilang pagkatao doon, gaya ng laman na pinatili ng asin. Ang mga disipolo na tumangging maging asin para sa lupa at tumanggi sa alok ng kanyang katawan at buhay bilang buhay na handog sa Diyos, ay aasinan sa apoy sa impierno gaya ng naipaliwanag.

Sa aking mahal at minamahal: "49 Sapagka't bawa't isa'y aasnan sa pamamagitan ng apoy." (Marcos 9:49) Ang nasasaksihan natin sa ngayon sa buhay ng simbahan sa pagdiriwang ng mga pista mula sa sanglibutan at pag-iimbento ng mga araw upang maidagdag sa buhay

ng simbahan ay pagsamba sa diosdiosan at inaalis ang maalat na mensahe. Kanilang hinahaluan ang mensahe at nagdadala ng chokolateng lasa sa buhay ng simbahan; sa mga sila'y aasinan sa apoy ng impierno. Kapag aming ibinigay ang maling lasa ng nais ng Diyos sa amin upang ibigay, kami ay hahatulan sa apoy ng Diyos. *Ang mga disipolo na tumanggi na maging maalat para sa lupa pagkatapos nilang natanggap ang lahat ng katuruan at mga biyaya ng Diyos at lumayo mula sa Kanyang paglilingkod at mula sa paggawa ng Kanyang kalooban sila'y aasinan sa apoy sa impierno kung sila'y hindi magsisisi.

Apat na pangunahing mga bagay mula sa aking karanansan ang mga disipolo ay hindi handang isuko sa Diyos, Una, sa larangan ng edukasyon sa kung ano at kung anong lebel na kailangan nilang pagaralan, Pangalawa, kung kanino nila kailangan magpakasal, Pangatlo, kung saan lugar nila kailangan manirahan, at Pangapat, ang pamumuhay na kailangan nilang isabuhay.

Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi. Ipahayag ang lahat ng iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Isuko ang iyong buhay ng ganap sa Panginoon. Magsisi sa iyong pagmamalaki, kamunduhan, paninibugho, pagseselos, galit, katamaran, ang pagnanasa ng iyong mga mata, ang pagibig sa salapi, ang walang kahandaan upang magdusa, ang walang kahandaan upang disiplinahin ang iyong sarili sa lugar ng paguugali, katangian, paggastos, at sa hindi pagpapahintulot sa bunga ng Banal na Espiritu upang makita sa iyong buhay.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na namatay at nabuhay mula sa kamatayan nang ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan buhay, Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagawa kong makita ng malinaw ang aking mga kasalanan at maling mga gawain, at sa paraan na kailangan kong mabuhay at maglingkod sayo na maging totoong disipolo mo.

Ipahayag sa Diyos iyong mga kasalanan talikdan ang mga ito. Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong pagmamalaki, galit, sama ng loob, pagrereklamo, pagdududa, pagaalala, katamaran, sobra sa pagtulog, kamunduhan, makamundong mga kaibigan, ang iyong walang katapatan, at walang kagalakan, ang pagibig sa salapi, ang walang kahandaan upang magdusa, at walang kahandaan upang disiplinahin ang iyong sarili sa lugar ng paguugali, katangian, paggastos, at sa hindi pagpapahintulot ng bunga ng Banal na Espiritu na makita sa iyong buhay. Ipahayag ang iyong kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan.

Isuko ang iyong buhay at ang iyong buong kalooban sa Panginoon. Maging handa upang maglingkod sa Diyos linangin pa ang bunga ng Banal na Espiritu na makita sa iyong buhay.

Panginoon aking ipinapangko ang aking buhay upang tumalima sa iyong Salitang ito na aking natanggap sa mensaheng ito na maging isang mabuting halimbawa sa iba sa paligid ko na hindi nakakakilala sayo at mabuhay at ipangaral ang tiyak na mensahe ng Iyong Salita. Panginoon ako'y makikipagtrabaho sayo upang paunlarin ang Banal na Espiritu; pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabutihan, kahinahunan, mahabang pagtitiis, pagpipigil sa sarili, pananampalataya, katapatan, kahinahunan, kabutihan, at pagkabukas palad. Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na magkaroon ng pagibig at pagkahabag at pagpapatawad patungo sa mga makasalanan at gawing posible na dalhin ang iyong pagibig at ang iyong mensahe sa kanila. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at pagpapahinuhod upang kayanin ang sakit at pagdurusa habang ako'y naglilingkod sayo at inaabot ang iba. Panginoon pusposin mo ako ng Banal na Espiritu at magkaroon ako ng kaganapan sayo. Aking isinusuko ang aking buhay na ganap sayo. Panginoon bigyan ako ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang ako'y makapunta at maglinkod sayo at magebanghelyo at abutin ang iba at ikalat ang iyong Salita at turuan ang mga handang sumunod sayo.

Panginoon, ako'y nananalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang mabuhay ng kanilang buhay para sayo, upang salitain ang iyong Salita, at maging mabuting halimbawa sa iba. Panginoon mo protektahan sila at ibigay ang lahat kanilang pangangailangan. Panginoon gumawa ka ng mga himala sa kanila at paging dapatin silang mapanatili sa paglilingkod sayo habang sila'y handa upang magebanghelyo, upang magsimula ng bagong pagaaral ng Bibliya at upang magtanim ng bagong mga kapisanan.

Panginoon pagpalain kami at panatilihin kami bilang isang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy maglingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon ibigay mo sa amin ng higit ang kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa na magebanghelyo at upang abutin ang bagong bayan ng Mabuting balita ng Diyos. Panginoon, kami'y nananalangin na pagiging dapatin mo kami na makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisana para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami,palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay sa amin at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.